# Ang Pagkakatatag ng Kilusang Sakdal

MOTOE WADA



DALAWANG INSIDENTE NG TUNGGALIANG panglahi ng mga Amerikanong *Caucasian* at Pilipino ang naghudyat ng pagsilang ng Kilusang Sakdal.[1] Ang una ay ang naganap na pambubugbog ng mga manggagawang Pilipino sa Watsonville, California. Ang ikalawa ay ang pang-iinsultong naranasan ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa Maynila na kinasangkutan ng isang Amerikanong guro. Kapwa naganap ang pangyayaring ito noong Enero at Pebrero ng taong 1930.

Ang kamatayan ng isang batang Pilipinong namumulot ng letsugas ang naging mitsa ng insidente sa Watsonville. Maraming naganap na kilos protesta sa Pilipinas kabilang na rito ang anyong pagluluksa na ginanap sa Parke ng Luneta na dinaluhan ng 15,000 katao, bilang pagkondena sa ganitong karahasan.

Noong Marso, nagkagulo ang limampung marino ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos at mga Pilipinong sibilyan pagkatapos ng isang *baseball game* sa Kitelle Field. Pinagsisilbihan ng mga Pilipinong waiter ang mga marino,

na karamihan naman ay mga kapitan lamang, habang ang mga ito'y umiinom ng beer sa *field* nang may isang *agitator* na lumapit sa guro at kinausap ang mga ito sa wikang Tagalog. Karakarakang tumigil sa pagsisilbi ang mga ito at biglaang humingi ng karagdagang sahod. Ngunit tinanggihan lamang ng kinauukulan ang petisyon.

Nagsimula ang engkwentro nang humugot ng pipa ang isang *waiter* mula sa kanyang bulsa at tinira ang pinakamalapit na marino sa kinatatayuan niya. Umurong ang karamihan ngunit natamo nila ang hapdi ng pag-atake, hanggang masugpo ng isang kapitan ng pulisya ng Estados Unidos ang mga nag-aklas. Tatlong Pilipino ang inaresto ng lokal na pulisya.

Hindi nabigyang linaw ang kaguluhang ito. Ayon sa isang teorya, maaaring ito raw ay kagagawan ng mga Komunista. Maaari rin namang ito ay isang pagtatangka ng mga sindikato sa Maynila na palalain ang kaguluhan ng iba't-ibang lahi sa California. Samantala, itinuring naman ito ng pulisya bilang isang malaking kalokohan lamang at walang saysay.

Nang tumagal-tagal, nakipagbuno naman sa mga Pilipino ang dalawang marino mula sa ibang barko. Sa kasamaang palad, dinanas nila ang matinding pananakit ng mga Pilipinong pulisya na nag-akusa sa kanila ng pag-atake at ang pagtutol nila sa pag-aresto sa mga ito. Dahil dito, mahigpit na ipinagbawal ang pagdalo sa mga piging na maaaring magbunga ng kaguluhan.

Inilarawan bilang isang malalang tensyong panglahi ang namagitan sa mga Amerikano at Pilipino. Ipinahayag ni Gobernador Heneral Dwight F. Davis ang kanyang pangamba na maaaring di kilalanin ng Komite ng Senado ang Amerikanong inatasan niyang maging Hepe ng Pulisya sa Maynila, sa kadahilanang ang kandidato ay isang Amerikano. Inireklamo niya na ang mga Amerikanong hinihirang sa tungkulin ay palagiang tinututulan dahil sa nasabing kadahilanan.[2]

Sa pagitan ng dalawang insidenteng ito, dalawang linggo makaraan ang naganap sa Watsonville, naglunsad ng isang *walk-out* at malawakang rali ang mga estudyante ng Mataas na Paaralan ng Hilagang Maynila (Manila North

High School) upang hilingin ang pagpapatalsik kay Mabel Brummit, ang nang-insultong Amerikanong guro. Inanyayahan ng mga nagpoprotestang mag-aaral ang kanilang mga magulang at ang iba pang sumisimpatiya sa kanilang ipinaglalaban na lumahok sa kanilang mga inihandang aktibidad. Isa sa mga sumisimpatiya si "payrool" sa ilalim ng pamunuang Quezon.

Masyadong naapektuhan si Benigno Ramos sa naganap na diskriminasyong panglahi. Sinasabi na siya ay naging isang prominenteng pinuno ng mga inilunsad na kilos protesta at welga.[3] Nais ni Quezon, kung saan nakapailalim si Ramos, na panatilihing bansot hanggang maaari ang isyu tungkol sa Mataas na Paaralan ng Hilagang Maynila. Hindi niya ninais kailanman na biguin ang Estados Unidos, kung saan siya ay napag-alamang nakikipag-ayos sa usapin ng kalayaan. Dahil sa pagiging aktibo ni Ramos sa paglahok sa mga welga, nararapat lamang na tanggihan nito ang suhestiyon ni Quezon. At noong Hunyo 18, 1930, hinikayat siyang magbitiw sa kaniyang tungkulin sa gobyerno, na inaasahan na niyang magaganap.[4]

Pormal na inilunsad ang kilusan noong Hunyo 28, 1930 at kasabay na inilabas ang unang serye ng pahayagan nitong tinawag na *Sakdal*.[5]

Isinantabi ni Gobernador Heneral Davis ang huling insidente at itinuring na "isang adelentadong welga ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan," na idinulot ng isang walang pakundangang salita na nausal ng isang pampaaralang gurong Amerikano. At upang malihis ang atensyon ng mga ito at maiwasan ang pagsiklab ng isang anti-Estados Unidos na alab, nagtalaga siya ng isang Pilipino na tatayo bilang pinuno ng Departamento ng Instruksyong Pampubliko. Nagkataon naman na ang Amerikanong kalihim nito ay wala noong mga panahong yaon.

Itinuring ni Davis na ang Kilusang Sakdal ay isang instrumento na binuo ng mga makakaliwang *agitator* na binayaran ng Moscow at pinipilit na maghasik ng damdaming anti-Estados Unidos. Masyadong mababaw ang dahilan upang magbigay babala ang kanyang mga ulat ukol sa mga ito.[6]

Masasabing may katugmaan ang pangalang *Sakdal* na napili ni Ramos bilang pagkakakilanlan sa Kilusan sapagkat

siya sampu ng kanyang taga-sunod ay "isinasakdal" ang administrasyong Quezon at ang Estados Unidos . Tinutulan ng Sakdal ang kasalukuyang sitwasyon kung saan ang Pilipinas ay mistulang kolonya ng Estados Unidos.

Gayunpaman, naniniwala ang mga kasaping nasa *rank and file* na ang katawagan ay nahango mula sa sulat mula kay James, Kapitulo 1, Bersikulo 4, ng Bibliya na nagsasaad na: "at dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging Sakdal at ganap at walang pagkukulang."

Ang tagapagtatag ng *Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios* (*Organization for Three Persons in One God*), at ang tinutukoy na tagapagtatag ng Kilusang Sakdal na si Agapito Illustrisimo ay ipinaliwanag ang salitang "sakdal" sa konstektong "maging sakdal ang pananampalataya mo sa Diyos."[7]

Mabilis na nag-ugat ang Kilusang Sakdal sa buong Luzon, lalo na sa mga bayan ng Rizal, Cavite, Batangas, Tayabas (Quezon sa kasalukuyan), Laguna, Bulakan, Pampanga, at Nueva Ecija. Sa simula umabot sa 6,000 kopya ang naipakalat na pahayagan ng Sakdal, at wala pang kalahating taon ang nakalilipas (Abril 1931), lumaki ang sirkulasyon nito nang halos 20,000 o may eksaktong bilang na 18,494.[8]

Ang anak na babae na si Leticia, ang katulong ni Ramos sa pagtutupi ng mga bagong imprentang peryodiko. Naaalala pa niya kung paano mag-unahan ang mga kabataang lalaki na naglalako ng diyaryo na makakuha ng mga kopya nito, dahil parang mga *hot cake* itong nabibili .[9]

Kalimitang inilalagak ang mga kopya sa mga *newstand* at mga taga-tangkilik . Kung minsan naman, personal na ibinebenta ni Ramos ang mga kopya sa lansangan dahil na rin sa kawalan ng pondo upang ipambayad sa tutulong. Ayon sa kanya nagsisimula siyang magtinda ng ika-anim ng umaga at dagliang nasisimot ito makalipas lamang ang dalawang oras.[10]

May mga pagkakataon din na ipinapalibot na lamang ng mga mambabasa ang kanilang kopya. Sa mga probinsiya, tinataya na binabasa ng humigit kumulang na sampung katao ang isang kopya. Ang mga hindi marunong magbasa ay napaparatingan rin ng mga ulat sa nasabing pahayagan. Binabasa ito ng malakas sa kanilang harapan. Ito ay karaniwang

binubuo ng may sampu hanggang dalawampung tagapakinig Sa ganitong paraan, maaaring umabot sa pagitan ng 200,000 at 400,000 ang bilang ng mga mambabasa.[11]

Naglalathala ng mga artikulo ang Sakdal na kumukundina sa mga ginagawa ni Quezon at ng iba pang mga pulitiko. Inilarawan sila ng Sakdal bilang "ilang dambuhala" na patuloy na naglulustay ng malaking halaga sa mga walang patutunguhang Misyong Pangkalayaan (*Independence Missions*), habang ang taong bayan ay nagugutom. Patuloy nitong ibinubulgar ang detalyeng listahan ng mga tauhan at kaukulang sweldo nito, mga pag-aari at pinagkakagastahan, ng mga pulitiko lalo na si Quezon.

Ayon sa prinsipyong gumagabay sa kilusan kagaya ng nakasaad sa Sakdal, nararapat lamang na piliin ang tunay na mga pinuno ng sambayanan mula sa mga taong nakakasama nila sa mga panahon ng paghihirap. Sa madaling salita, nakakahalintulad ang mga ito nina Rizal, Del Pilar, Bonifacio, Gandhi at Hesukristo. Hindi kailanman nakipagkasunduan ang mga bayaning ito sa matataas, sa kanilang pakikibaka upang iangat ang uri ng pamumuhay ng mga inaapi.

Buwan ng Nobyembre nang padalhan ng mga kopya ng pahayagan ng kaniyang mga tagasunod ang Beteranong Rebolusyunaryo na si Heneral Artemio Ricarte. Siya ay nasa Hapon ng panahong iyon at nagpadala ng mensahe kay Ramos na naghihimok sa huli na huwag matakot sa kaniyang pagtatanggol sa mga karapatan ng sambayanang api. Idinagdag pa ni Ricarte na tunay na tinutupad ni Ramos ang mga pinangarap ng mga bayani ng Rebolusyon.

Wala pang dalawang buwan nang magsimulang kumilos ang Kilusang Sakdal[12] ay ipinanawagan na sa mga mamamayan ang isasagawang boykoteo sa eleksyon at sa mga produktong inaangkat.

Parami ng parami ang mga taong umiimbita kay Ramos upang dumalaw sa kanilang mga bayan at doon ay magbigay ng mga pananalita tungkol sa Kilusang Sakdal.[13]

Nagtapos sa isang boykoteo ng mga produkto na yaring banyaga gaya ng mga sasakyan, kasuotang panlalaki at sigarilyo, ang unang anim na buwan ng Kilusang Sakdal na siya ring katapusan ng taon. Kabilang din sa ginanap

na boykoteo ang di-pagtangkilik sa mga kainan at *noodle house* na pagmamay-ari ng mga dayuhan, lalo na ng mga Intsik.

Nalathala ang pangyayaring ito sa huling isyu ng *Sakdal* sa taong yaon, kung saan nagtalaga ng malaking ispasyo para sa mga sinulat ni Rizal bilang paggunita sa pagkakapatay sa kanya sa Parke ng Luneta noong Disyembre 30. Itinuring si Rizal bilang pinakadakilang bayani sa mundo, at tunay na matalino na ginamit ang kanyang kaalaman para sa kapakanan ng taong bayan.[14]

## Ang Kilusang Sakdal noong 1931

Umaga ng Enero 11, 1931 nang lusubin ng apat na raan at limampung tao na may bitbit na riple at pistola, ang punong-himpilan ng konstabularya, munisipyo, at *post office* ng Tayug, Pangasinan. Nagawa rin nilang sunugin ang maraming kabahayan sa lugar. At nasa kontrol ng mga rebelde ang bayan nang buong araw na yaon. Nasawi ang sampung sibilyan, pati na rin ang dalawang opisyales ng Konstabularya at labing-isang sundalo.

Binansagang "kolorum" ang mga rebeldeng ito sa mga pangunahing pahayagan sa Pilipinas at sa Estados Unidos. Pinaghihinalaan silang mga miyembro ng isang grupong relihiyoso. Nagtataglay ng pang-akit sa porma ng maliliit na aklat dasalan, libro, bato at medalya ang mga kababaihang kalahok at may mga *amulets* naman ang mga kalalakihan.

Matapos na lumumanay ang unang pag-uulat, sinimulang talakayin ng mga diyaryo ang mga motibo sa likod ng pagsiklab ng pag-aalsa. Ito ay niliwanag sa pagsisiyasat mula sa mga nahuli. Sinabi ng mga ito na wala silang intensyong patalsikin ang gobyerno kundi ang layunin lamang ay makamtan ang kalayaan. Kaakibat nito, humihingi rin sila ng katarungang panlipunan sa porma ng pantay na hatian ng lupa at wakasan ang mga pang-aabuso ng mga lokal na pulis at konstabularya.

Maulat sa mga pahayagan na sinamantala ng mga lider ng pag-aaklas ang kamangmangan ng mga dahop sa lugar.[15] Pinuna ng Sakdal ang pakahulugan ng mga pahayagan na ang mga rebelde ay mga walang alam. Tinalakay pa nito na karamihan sa kanila ay nakatapos lamang sa mataas na paaralan o kaya naman ay natigil sa pag-aaral. Nakapunta

na rin ang ilan sa Hawaii at sa Estados Unidos. Tinuligsa rin ng pahayagan ang mga awtoridad na nagbansag sa sinumang lumalaban sa gobyerno, kasama na ang mga tagasunod ng Kilusang Sakdal, bilang mga "kolorum" at mga bobo o kaya'y mga panatiko. Hindi sila umuumit ng kahit anuman, kaya't sila ay hindi masasabing mga magnanakaw. Lumawig ang mga deklarasyon ng pahayagan at isinaad na ang mga kolorum ay mayroong dahilang layunin at may malinis na kalooban.

Sa ganoong kalagayan, idineklara ng Sakdal na hindi nabigyang pansin ng mga awtoridad ang tunay na suliranin. Binanggit pa nito na marami nang kasalanan ang tiwaling administrasyon; ang himagsikang Tayug ay isang mariing sigaw ng mga mamamayang api. Isang artikulo ang naghinuha na ang pangyayari ay maituturing na isang "hamog lamang kumpara sa nagbabadyang unos" kung hindi bubuti ang sitwasyon.[16]

Ang isyu ng *Sakdal* para sa buwan ng Enero ng taong 1931 ay ang kauna-unahang nagpalabas ng ilang kuro-kuro ukol sa naganap sa bayan ng Tayug. Bago ito naipakalat, binalaan ang patnugot na itigil ang paglalathala ng mga artikulo na umaatake sa taong gobyerno, at kung hindi ay maaaring masapit ito sa pagkabilanggo. Dahil dito, hindi lumitaw ang Sakdal sa unang tatlong linggo ng Enero.

Gayunpaman, hindi naalarma si Benigno Ramos sa nasabing banta, bagkus ay nagpatuloy ang Sakdal sa sinumpaang layunin na isiwalat ang mga sakit at katiwalian ng gobyerno. Humantong ito sa pagkakamit ng popularidad na nagmula sa kanilang mga mambabasa at *notoriety* naman sa pananaw ng mga opisyales ng gobyerno.

Idineklara ng pahayagang Sakdal na tanging kalayaan lamang ang makakapagpaligaya sa sambayanang Pilipino. At nararapat lamang na magsakripisyo ang taong bayan upang matamo ang kalayaang iyon. Nagpayo naman ang pahayagan na itigil ang anumang pakikilahok sa mga kaguluhan.[17]

Naging abala ang punong-himpilan ng kilusang Sakdal di lamang sa paglalathala ng mga pahayagan kundi pati na rin ang pagtugon sa maraming kahilingan magbigay ng mga pananalita. Ang mga kahilingang iyon ay hindi lamang nagmula sa Maynila at mga karatig na bayan, nakatanggap din sila ng

mga imbitasyon mula sa Ilocos Norte, Pampanga, Zambales, Bataan, Camarines Norte, Marinduque, Mindoro, Cebu, Bohol, Iloilo, at sa iba pang lugar.

Sa kalagitnaan ng taong 1931, nagsimulang mangalap ng donasyon ang kilusang Sakdal bilang pagsaklolo kay Heneral Artemio Ricarte na noon ay ipinatapon sa Hapon at mayroong karamdaman. Inilathala sa Sakdal ang mga pangalan ng mga nagmagandang-loob at ang kaukulang halagang handog. Isinagawa at ipinaliwanag ang mga ito upang matukoy ng mga nagpadala ng tulong-pinansyal na nakarating ito sa tanggapan ng Sakdal. Ang unang mga naghandog ng donasyon ay mga kasapi ng Tanggulan, gayundin si Obispo Gregorio Aglipay."[18]

Nang matapos ang kampanya para kay Ricarte, humawak ng panibagong gawain ang Kilusang Sakdal sa *Union Civica Filipina*. Ito ay isang bagong buong organisasyon ng mga nakakaramdam na ang mga pinuno ng bansa katulad ni Quezon, Osmeña, at Roxas ay hindi gumagampan sa kanilang tungkuling igiit ang pambansang kalayaan mula sa kamay ng Estados Unidos. Katulad ng Kilusang Sakdal, inaasam nito ang kalayaan ng bansa. Ang samahang ito ay binubuo ng mga taong tanyag sa abogado, negosyante, doktor at aktibong sumusuporta sa Sakdal, kasama na si Ramos.

Ang samahang ito ay may mga sumusunod na prinsipyo:[19]

1. Kailangan na magkaisa upang matamo ang tagumpay. (*We should unite to win.*)

2. Isaisip na ang kaligtasan ay nakasalalay sa ating mga kamay. (*We ought to know that our redemption lies in our hands.*)

3. Tangkilikin, ipagmalaki at protektahan ang bawat produkto o negosyong Pilipino. (*We should consume, promote, and protect every Filipino product or business.*)

4. Pag-aralang mamuhay ayon sa pambansang mapagkukunan. (*We should learn to live within our own resources.*)

5. Maging mapagbantay sa katotohanan na ang bawat sentimo na lumalabas sa bansa, kailanman ay di na maibabalik pa. (*We should be conscious of the fact that money which goes out of our country never returns.*)

6. Itanim sa isipan ng ating mga supling na ang kayamanan ng mga Pilipino ay para lamang sa mga Pilipino.

(*We ought to inculcate in the minds of our sons that the money of the Filipino is for the Filipino.*)

7. Maging mulat sa katotohanang magaganap lamang ang kasaganaang pang-ekonomiya ng ating bayan sa pamamagitan ng proteksiyonismong pang-ekonomiya. (*We ought to be aware of the truth that, by practising economic protectionism, we promote the economic prosperity of our country.*)

8. Ikahiya ang katotohanan na ang Pilipinas ang tanging sibilisadong bayan na hindi nagsasapraktika ng pambansang proteksiyonismong pang-ekonomiya. (*We ought to be ashamed of the fact that the Philippines is the only civilized country which does not practice national economic protectionsim.*)

9. Unawain na kahit ang bansa ay malaya kung walang pang-ekonomiyang kasarinlan, mananatili pa rin tayong pinagsasamantalahan ng mga dayuhang nagmomonopolisa ng ating kalakal sa kasalukuyan. (*We ought to know that, which economic independence, although we were feed, we will remain exploited by the foreigners, who are at present monopolizing our business.*)

10. Sagkaan ang sinumang nagtatangkang nakawin ang yaman ng bansa at nakipagsabwatan sa maitim na balak ng mga kaaway ng kalayaan ng Pilipinas. (*We should not give our money to the countryman who makes a common cuse with the enemies of Philippine Independence.*)

Nagplano ng isang malawak na pampublikong pagpupulong ang samahan na binansagang "Miting ng Pagtutuus." Layunin ng pulong na iyon na ipunin ang mga mamamayan upang ilantad ang mga katiwalian ng kasalukuyang administrasyon. Itinakda ito noong ika-22 ng Nobyembre, 1931 sa *Olympic Stadium*. Nag-antabay ang mga kasangkot sa Kilusang Sakdal sa okasyong ito, at marami ang naging aktibo sa paghahanda.[20]

Iniharap sa Miting ang sinumiting resolusyon na nakalaan para sa kongreso ng Estados Unidos. Ito ay ang panawagan sa kagyat na paggawad ng kalayaan na tanging solusyon sa mga suliranin ng bayang Pilipinas. Binasa ito ni Ramos sa wikang Kastila at kaagad na inaprubahan ng mga sumaksi. Pinansin ng resolusyon na ang mga sumang-ayon

dito ay nagmula sa iba't ibang larangan ng buhay. Nilagdaan ito ng mga matataas na pinuno ng *Union Civica Filipina*, gayundin nina Isauro Gabaldon (Senador), Gregorio Aglipay (obispo at lider ng Independenteng Simbahan ng Pilipinas), at Teodoro Sandiko (Senador).[21]

Naglunsad ng panibagong miting ang *Union Civica Filipina* noong unang bahagi ng 1931. Tinuligsa nito ang *bill* ukol sa Kalayaan na iminungkahi ng Mataas na Kapulungan ng Estados Unidos na siya namang sinuportahan ng Misyon para sa Independensiya ng Pilipinas (*Philippine Independence Mission*). Kinundena ng pamunuan ng *Civica* ang pagsang-ayon nina Senador Osmeña at Montinola, Ispiker Roxas at Representante Tirona sa nasabing batas at ang pagtanggap dito ng Presidente ng Senado na si Quezon. Ibinilang ng dating Presidenteng Komisyoner na si Isauro Gabaldon, Senador Alejo Mabanag, Hukom Julio llorente, Dr. Felix de Leon at si Bb. Estrella Tombo ang kanilang mga sarili sa tumutol sa panukalang batas. Hinikayat ng mga ispiker na ito na magprotesta ang mga Pilipino sa inaasal ng Misyon at ng mga nasa kapangyarihan. Ang di pagkilos sa pangyayaring ito ay maghuhudyat sa Estados Unidos na ang mga Pilipino ay hindi nag-aasam ng kalayaan.

Samantala, ang Kilusang Sakdal ay naengganyo sa di-bayolenteng pagsuway na sibil ni Mahatma Gandhi. Naglunsad ito ng isang "Mapayapang Pagsuway" sa pagtatapos ng taong 1931. Ngunit ito ay pinag-iisipan na ni Ramos nang mas maaga pa sa kalagitnaan ng taong iyon, na nakasaad sa kaniyang sulat kay Artemio Ricarte na may petsang Hulyo 22, 1931. Binanggit ni Ramos na ang nasabing kampanya ay nangangailangan ng panlabas na saklolo, lalo na ang kay Ricarte. Ngunit ang huli ay may matatag na paniniwala na ang kalayaan ay dapat agawin sa pamamagitan ng dahas at hindi sa pamamalimos.

Nakahanay sa programa ng kampanya ang pagsasagawa ng isang boykoteo ng mga banyagang produkto, lalo na ang mga sasakyan na kalimitang nagmumula sa Estados Unidos, ang di pagbabayad ng buwis, ang pagtutol na pag-aralin ang kanilang mga anak sa maka-dayuhang paaralan, at ang di pagtangkilik sa mga tindahang pagmamay-ari ng mga kaaway ng kalayaan.[22]

Pinagtatanggol ng Sakdal ang mga rebelde sa Himagsikang Tayug na nabanaag sa simula ng taong 1931. Natagpuan ang kilusan na isinasangkot sa isang grupong inakala ng mga awtoridad na nagpaplano ng isang aklasan. Ang grupong ito ay ang Tanggulan. Ito ay binuo ni Patricio Dionisio, isang abogado at di tagumpay na manunulat. At dahil sa malawakang burukrasyang pampulitika, nagdesisyon si Dionisio na magtayo ng isang lihim na samahan noong 1927 at tinawag na Katipunan ng Bayan. Nagtataglay ang samahang ito ng isang makabayang layunin, sosyal, pang-ekonomiya, at pampulitikang pagbabago. Ang pagpopropaganda ng mga radikal na ideya ni Andres Bonifacio sa uring manggagawa ang pinakatampok na adhikain nito. Sa pagsasara ng taong 1929, pormal na kinilala na may 97,000 na kasapi sa loob ng kilusang ito.

Ngunit ang bawat paglaki ng kilusan ay katumbas rin ng paglawak ng Konstabularya at ang paglaganap ng kautusan nitong pagmamatyag. Napag-isipan ni Dionisio na ipalista ang kapatiran bilang isang *mutual aid agency* upang maiwasan ang paghihinala ng mga awtoridad. At magmula noon, kinilala ito bilang Kapatirang Tanggulan ng Malayang Mamamayan (*Confraternity for the Defense of Free Citizens*).[23]

Sa pagtatapos ng taon, agad na kumalat ang isang usap-usapan na maglulunsad ng aklasan ang Tanggulan sa Araw ng Kapaskuhan. Ang pag-iipon-ipon nila noong ika-9 ng Disyembre sa lungsod ay animong pagpapatotoo sa kinatatakutan ng mga awtoridad. Pinagkaisahan ng huli na sabayan ang bantang opensiba. At sa kinagabihan ng ika-10 ng Disyembre, inaresto ng ispesyal na destakamento ang may 183 na kasapi ng Tanggulan sa Maynila.[24]

Lingid sa kaalaman ng mga awtoridad ang pagiging miyembro ng Kilusang Sakdal sa Tanggulan, at sa matatag na relasyong nag-iisa kina Ramos at Dionisio. Nang taong iyon, madalas na kasama ni Dionisio si Ramos sa pagdalo ng mga pulong ng Sakdal. Dagdag pa rito, inakusahan ng mga kinauukulan ang pahayagang Sakdal sa pagpapaalab ng humihilagpos na damdamin ng mga kasapi ng Tanggulan, sa paniniwalang ito ay ginagamit na prinsipal na pahayagan (ng Tanggulan) sa maraming buwan upang pasidhiin ang diskontento. At ang mga kasapi ng Tanggulan na dinakip ng gabing yaon ay ang mga naging pinuno ng Sakdal.[25]

Dahil dito, inatasan ng awtoridad ng Estados Unidos ang Direktor ng Kagawaran ng Koreo (Pahatirang Sulat) na si Juan Ruiz na harangin ang pahayagan dahil sa naglalaman ng libelo at mapanghimagsik na simulain sa batas nito. [26] Ang mga akusasyong ito ang pumanting sa pandinig ng mga pinuno at kasapi ng Kilusang Sakdal na pumasok sa panibagong taon ng pakikibaka.

**Ang Kilusang Sakdal noong 1932-1933**

Ang karapatang makapaghulog ng sulat ng Sakdal ay muling iginawad noong Marso, 1932.

Inilarawan sa pang-anibersaryong editoryal ng pahayagang Sakdal ang nakaraang dalawang taong puno ng mga dalamhati, alinlangan at aral na kanilang natamo mula sa pagtugaygay sa suliranin ng bansa. Ang Sakdal ay tumatahak sa ikalawang taong lakarin, ngunit ang panahong ito ay itinuring na katumbas ng daang taong pakikipagsapalaran. Wala itong ibang pananggalang kundi ang matibay na interes ng sambayanan; wala itong puhunan kundi ang pamana na naiwan ng mga bayani at ninuno. Isa pang sangkap ng pamana ay ang sigaw ng mga Pilipino na wakasan ang pang-aapi at pagkaalipin at magtatag ng isang masagana, kagalang-galang at matatag na Republikang maipagmamalaki ng kanilang mga anak.[27]

Sa kalagitnaan ng taong 1932, napagkaisahan ng mga pinuno ng Sakdal na mas praktikal kung ipagbibili na lamang ang kanilang imprenta. Inilunsad noong Mayo ang panibagong kampanya, ang pangangalap ng donasyon kahalintulad sa naganap na ambagan para kay Artemio Ricarte. Marangyang inilathala sa pahayagan ang mga pangalan ng mga tumulong at kaukulang halaga na iniaabot ng mga ito. Ang unang naghandog ng tulong ay si Ricarte mismo.[28] Gayunpaman, nang mga panahong iyon, ang pinakabantog na kampanya ng kilusang Sakdal ay ang "kusang abuluyan sa kasulatan at Sugo ng Bayang Api" na sinimulan sa pagtatapos ng taon.

Samantala, nakatutok ang pampulitikang lakarin ng Pilipinas sa mas matinding pagtatagisan patungkol sa *Hare-Hawes-Cutting Act.* At ang batas na ito ay mahigpit na

tinutulan ng kilusang Sakdal. Napagkasunduan ng buong kilusan na tutungo si Ramos sa Estados Unidos upang sa kongreso nito ay ipahayag ang pagtutol sa nasabing panukalang batas. Layunin din ng misyong ito na ipagwagi ang suporta ng mga mamamayang Amerikano sa kalayaan para sa bayang Pilipinas. Dadalahin rin ni Ramos ang nabuong resolusyon, at mga kopya ng pahayagang Sakdal upang makatulong sa kaniyang adhikain.

Kaya't nangailangan sila ng sapat na halaga upang tugunan ang biyaheng. Ito ay ituturing na isang Misyong Sakdal para sa Kalayaan (*Sakdal Mission for Independence*). Bagama't ito ay isang misyon para sa kalayaan, binigyang diin ng kilusan na malaki ang pagkakaiba nito sa mga isinasagawang misyon ni Quezon at ng mga kasama nito, kung saan pinupwersa ang mga taong mag-abuloy sa pamamagitan ng mga lokal na pinunong pulitikal. Hindi rin nila ipinaaabot sa kaalaman ng publiko ang mga pangalan ng mga nag-ambag at hindi binibilang ang pondo: nagpapatunay lamang ito na ang mga mayayaman ay hindi nagtataglay ng integridad tulad ng ipinagmamalaki naman ng mga dukha.[29]

Ikinatwiran ng mga pinuno ng Sakdal na kung ang kabuuang halagang nakamit bilang tulong ay di umabot sa P4,000, ang salaping ito ay ibabalik na lamang sa mga nagmagandang loob. Ang hindi paglikom katumbas ng nabanggit na halaga ay nangangahulugan lamang na may agam-agam ang taong bayan sa saklolong ipagkakaloob ng Kilusang Sakdal upang makamit ang pambansang kalayaan. Ibabalik na lamang ang halaga sapagkat ang kilusan ay hindi ganoon kagahaman upang magkaroon ng interes sa ganoong kaliit na halaga. Isinaad pa ng Sakdal na nararapat silang manatiling tapat dahil wala silang puhunan kundi ang kanilang kapurihan.

Gayumpaman, dumagsa ang mga donasyon kagaya ng kanilang inaasahan. Isang taga-suporta ng kilusan ang nagpadala ng salapi at isang kasuotan na may kalakip na liham:[30]

> *Ako po'y isang maralita. Upang makatulong sa ating kilusan ay ipinagbili ko po ang aking singsing na brilyante na ang buong pinagbilhan na isang daang piso ay ipinagkaloob ko upang ipuno sa gugulin ng Misyon ng*

*Bayang Api at sa mga kasulatang kinakailangan sa kampanya sa kasarinlan. Tuloy ipinamamanhik ko po na tanggapin lamang ang kalakip na isang kasuotang Ingles na alaala ko sa inyo upang magamit sa malamig na paglalakbay.*

Noong ika-11 ng Disyembre, naglunsad ng isang "Miting ng Bayang Api" (*Meeting of the Oppressed People*) sa *Olympic Stadium* upang mas pag-ibayuhin ang kampanyang ito.[31] Ilan sa mga lalawigang mayroong delegado ay ang mga bayan ng Rizal, Laguna, Batangas, Bulacan, Cebu, Iloilo, Zambales, Tayabas, Nueva Ecija, Cavite at Tarlac.

Nagpahayag ng maraming "Sigaw ng Bayan" ang mga dumalo sa nasabing pulong, katulad ng mga sumusunod: "Sakdal Walang Panginoon Kundi ang Bayan (*Sakdal Has No Master But the People*); "Mabuhay ang Bayang Ayaw Paalipin (*Long Live the People Who Refuse to be Enslaved*); Mabuhay ang Bayang Pinagpala ng mga Bayani" (*Long Live the People Blessed with Heroes*); at "Lubos at Kagyat na Kasarinlan Lamang Ang Aming Kailangan" (*What We Only Need is Absolute and Immediate Independence*).

Katulad ng kahalagahan ng mga islogang ito, pinayuhan rin ng kilusang Sakdal ang mga taga-suporta nito na tumugon sa mga kaukulang tungkulin bilang paghahanda ng kanilang loob sa pakikibaka upang makamit ang kalayaan. Una, hinilingan silang magdasal dahil sa paniwalang tanging ang Maykapal lamang ang makakapagpapabago sa isipan ng kanilang mga kaaway. Bukod dito, ang pagdarasal ay magdudulot ng pagkakaisa at ibayong lakas. Sasanggahan rin nito ang mga mas madudugong pakikipaglaban. Ikalawa, ang pagiging mapagmasid ng mga taga-suporta ng Sakdal ay upang iwasan ang anumang pagtatalo, kaguluhan, o away. Ang lahat ng mga ito ay panuntunan na gumagabay sa mga prinsipyo ng Sakdal. Sinisisi ng kilusan ang mga pagkakamali at hindi ang may katawan. Muling kikilalanin ng taong bayan ang isang tao kung babaguhin nito ang kaniyang punto de bista.[32]

Nagpatuloy noong 1933 ang pagpili ng sugong ipadadala ng Sakdal sa Washington.

Kalagitnaan ng Pebrero, nagkaroon ng pangkalahatang pulong ang mga representanteng tumutugaygay sa Sakdal,

kung saan sumumpang ipagpapatuloy ang kanilang pagsuporta sa kilusan.[33]

> *Na, ang ating mga pagtulong at pagpapakasakit sa dakila at pangbayang kilusang ito ay ipagpapatuloy hanggang hindi nawawakasan ang gawaing ito sa ikatutubos ng ating bayan at sa ikatutupad ng kapangakuan sa bayan ng pamahalaang Amerikano.*

Makaraan ang dalawang linggo, napagkaisahan sa isa pang pangkalahatang pulong ang pagtukoy kay Ceferino Tingco ng Sta. Rosa, Laguna bilang pansamantalang tagapatnugot ng pahayagan habang si Ramos ay nasa paglalakbay.

Nakalahok na si Tiongco sa rebolusyon. Nanungkulan rin siya bilang presidenteng munisipal ng nasabing bayan sa Laguna. Pinamahalaan niya ang patnugutan hanggang sa huling araw ng Marso.[34]

Naisakatuparan naman ang paglisan ni Ramos sampu ng mga kasama niya . Dumating sila sa Honolulu nang ika-10 ng Abril. Nagtanghal ng isang konsyerto at sayawan bilang pagpupugay sa kanya ng mga bumubuo ng *Filipino Labor Union* sa nasabing pook.

Tumungo si Ramos sa California noong Mayo at nanatili doon hanggang sa kalagitnaan ng Hunyo. Sa kaniyang pamamalagi doon, sumulat siya ng apat na pahinang isyu ng *Sakdal* sa wikang Ingles na tinawag na *Manila Sakdal's Supplement* sa tulong ni Tomas D. Espanola, isang beterano ng Rebolusyon. Isa siyang mapagkawanggawang sumusuporta sa Sakdal na naninilbihan sa Stockton, California, at nang malaunan ay nahalal na Tagapangulo ng kilusang Sakdal sa Estados Unidos.[35]

Ipinahayag sa Ingles na artikulo ang layunin at mga prinsipyo ng Sakdal. Binanggit rin dito na ang pahayagan ay isang *non-advertising medium* o hindi tumatanggap ng bayad sa anunsiyo o artikulo. Ito ay nakalaan sa isang walang hanggan at sagradong adhikain, ang kamtin ang kalayaan ng bayang Pilipinas. Nangangahulugan lamang na wala itong hangaring dungisan ang pangalan dahil sa kasibaang pangkalakal.[36]

Sa kalagitnaan ng buwan ng Hunyo, nakipagniig si Ramos sa ibang Pilipinong naninirahan sa California. Dumalo

rin siya sa ilang pormal na talakayan. Tumuloy siya sa Washington D.C., sa pamamagitan ng pagtawid sa Utah at Denver. Dumaong ang partido sa kapital ng Estados Unidos nang unang linggo ng Hulyo. Bagamat nagawa ni Ramos makipagkita at makipagtalakayan sa ilang Senador ng Estados Unidos, katulad ni King at Tydings, tungkol sa isyu ng kalayaan ng Pilipinas. Walang gaanong naisakatuparan sa planong pagpoprotesta laban sa *Hare-Hawes-Cutting Act* dahil sa nagkataong reses ang Kongreso ng Estados Unidos. Humiling ng isang miting si Ramos sa Pangulong Roosevelt ngunit nabigo ito, sinabi sa kaniya na ang Pangulo ay hindi sinasadyang namamahinga sa labas ng bayan.[37]

Nagpatuloy ang pagtalakay sa nasabing panukalang batas sa pagitan ng buwan ng Hulyo at kalagitnaan ng Oktubre. Sa Pilipinas, nahati sa dalawang pangkat ang pulitikal na lakarin, ang isa ay umaayon sa 'bill' at ang isa naman ay tutol dito. Tinanggihan ng Lehislatura ng Pilipinas noong ika-17 ng Oktubre na kilalanin ang batas na ito. Kaya't inatasan ng Lehislatura si Quezon na mamuno sa panibagong misyon sa Estados Unidos upang kuhanin ang mas mahusay na batas para sa kasarinlan. Bukod dito, tinalakay ang paglulunsad ng isang malawakang eleksyon ng Hunyo 1934 upang sa gayon ay maipahayag ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga inaasam sa pamamagitan ng botohan (pagpili ng mga opisyales sa gobyerno kapwa pambansa at panglokal na mga posisyon).

Sa pagbabalik ng Misyong Sakdal sa Pilipinas, lubos na pinag-aralan ng kilusan ang gawain bilang isang partido pulitikal. Kaya't noong kalagitnaan ng Oktubre ng taong 1933, itinatag ang Partido Sakdalista bilang manipestasyon ng hangarin ng kilusang Sakdal na marinig ang kanilang tinig sa pambansang larangang pampulitika.

### Ang Partido Sakdalista

Ang mga sumusunod ay naluklok bilang mga pinuno ng Partido Sakdalista: Felino Cajucom, 29 taong gulang, isang beteranong Rebolusyonaryo at Konsehal; Santos, abogado mula sa Pasig; Tiongco, panginoong maylupa sa Sta. Rosa, Laguna; J. League; Gregorio Tobias; Isidro Torres, Tanggulan, Nueva Ecija; Jose Timog, Tayabas; at Jose Ner Abuego, Cavite.

Bininyagan ng Partido Sakdalista ang samahan bilang "Lupain ng Bayang Api, sangkapuluang Filipinas." Sagisag nito ay isang puso na salo ng nakalahad na kanang palad. Mapapansin ang nag-aalab na apoy sa ibabaw ng puso. Ito ay tinatanglawan ng isang bituing nagniningning. Ang mapapansing abot-kamay ay sumisimbolo sa KKK na laban ng mga Sakdalista para sa ganap na kalayaan ng Inang Bayan. Ang puso naman ay nagpapahayag ng walang hanggang pag-ibig at debosyon. Samantalang ang liwanag mula sa kalangitan, kaagapay ng banal na diwa ng mga bayani ay siyang tutulong sa mga Sakdalista sa kanilang pakikibaka upang kamtin ang kalayaan.[38]




Mariing binatikos ng Partido ang kasalukuyang pulitiko na higit na nagpayaman mula sa kaban ng bayan. Inakusahan din ang mga ito ng pagsusupil sa paggawad ng kalayaan upang sila'y patuloy na magpasasa sa mga biyayang kanilang hinahakot dahil sa kasalukuyang estado. Nagdulot ito ng higit na paghihirap para sa taong bayan dahil sa ipinapataw nitong mataas na buwis; nagugutom at nagiging sakitin ang mga bata dahil sa kawalan ng sapat na sustansya sa katawan; naging laganap ang malawakang pagdarahop ng mga mamamayan; at higit sa lahat, madalas ng dumanas ng kawalang katarungan ang mga mamamayan sa kamay ng mga pulis, konstabularya, at korte. Ginagamit na instrumento ng mga pulitiko ang mga institusyong ito upang itaguyod at protektahan ang kanilang mga makasariling interes.

Para sa Partido, tanging ang pambansang kasarinlan lamang ang makakalunas sa malalang sakit ng lipunan. At dahil sa ang mga kasalukuyang pulitiko ay di tumitinag para dito, iniaalay ng Partido ang sarili sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga kandidatong maggigiit ng kagyat na kalayaan at siya ring mamumuno upang gawing mariwasa ang buhay para sa mamamayang Pilipino, kung papalaring magwagi sa eleksyong gaganapin.

Kapag pinalad na maluklok sa puwesto ang mga kandidato ng Sakdalista, higit sa lahat, kanilang tatanggalin ang halos lahat ng uri ng buwis; magbibigay ng lupa sa

walang lupa, babantayan ang kapakanan ng mga manggagawa, maglalapat ng isang maka-mamamayang hustisya, at masusing babantayan ang paggampan sa tungkulin ng mga pulitiko. At kapag naipagwagi na ang kasarinlan, ang bisyon ng mga Sakdalista ay isang lipunang wala isa mang mahirap upang sa gayon, walang sinuman ang maeenganyong gumawa ng krimen. Sa esensiya, ang bawat isa ay magiging mayaman, maligaya at payapa ang kalooban.

Gayunpaman, kailangan ang pagkakaisa ng buong Pilipino upang magtagumpay ang Partido Sakdalista sa labanang ito. Ang lahat ng nagnanais na masangkot sa Partido ay "kailangan magpakalinis sa diwa, at maging uliran sa pagpapakita ng mabubuting gawain. Ipaglalaban din nito ang matuwid ng sambayanan sa loob ng kapayapaan.

Kagyat na nagtatag ng mga balangay ang Partido sa buong kapuluan upang sumabay sa panawagan ng Kilusang Sakdal. Sa pagtatapos ng taong 1933, ang mga ito ay nakakalat na sa kabuuan ng Katagalugan ng Gitna at Timog Luzon, bukod sa Maynila. At sa pagsisimula ng taong 1934, nakapagtayo naman ng balangay sa mga rehiyon ng Ilokos, Bikol at Kabisayaan.[39]

Bakit sumapi ang mga tao sa Partido Sakdalista? Ayon sa pagpapaliwanag ng mga manunulat ng Sakdal mayroon itong apat na mahigpit na kadahilanan. Una, ang kilusang Sakdal na kalaunan ay naging partido Sakdalista ay hinangaan sa walang takot nitong paglalantad ng baluktot na gawain ng mga pulitiko. Ikalawa, ang samahan ay itinuring na tunay na nagsisilbi para sa interes ng mahihirap at inaapi. Ikatlo, ang pagiging tiyak ng paninindigan nito sa isyu ng kalayaan. At ang huli, ang taglay nitong integridad na ginagabayan ng prinsipyo at di kinakitaan kailanman ng pagnanasa sa salapi ng sambayanan.[40]

Habang papalapit nang papalapit ang eleksyon ng Hulyo 5, tuloy-tuloy naman ang paglalathala ng Sakdal ng ilang panalangin sa Panginoon. Inaasam sa mga panalanging ito na gagabayan Niya ang kilusan upang ang Kaniyang kaharian ay maramdaman sa mundo. Ang ikatatagumpay nila sa darating na botohan ay magiging posible sa pagsaklolo ng kapangyarihan ng Maykapal. "Napapanahon na", ang

isa sa mga sigaw nito.[41] At para sa mga Sakdalista, ang pagiging aktibo sa panahon ng eleksyon ay isang paraan upang mabuhay sa isang mala-paraisong uri ng lipunan na kanilang pinangarap na matupad kasabay ng kalayaan.

Pinatunayan ng mga resulta sa eleksyon na ang Partido Sakdalista ay mayroong mas kapuri-puring kinahinatnan, lalo na sa mga lalawigan ng Laguna at Tayabas. At mismo ang Pangulo ng Senado na si Quezon ay ginapi ng isang kandidatong Sakdalista para Senador na si Jose T. Timog, sa kanyang mismong pinagmulang probinsiya, sa Baler.

Ang pagkatalo ni Quezon sa kaniyang sinilangang bayan sa isang Sakdalista at di-kilalang pulitiko ay isang patunay lamang ng pagkupas ng kanyang popularidad sa mga masa ng lalawigan. Sa kabila nito, nagtungo ang isang prominenteng mamamayan ng Tayabas sa Atimonan nang araw ng eleksyon upang himukin na ibaling ang mga botong inilalaan sa Sakdalista kay Quezon kapalit ng lahat na munisipal na tungkulin sa pamahalaan. Ang naging tugon ng Sakdalista ay:

> *Kanilang isasakripisyo ang lahat ng matataas na posisyon sa munisipalidad ngunit hindi sa mga tanggapang insular. Inusal nila na ang mga senador at representante ay responsable sa paghihikahos ng sambayanan dahil sa dambuhalang suweldo na kanilang tinatanggap na nagmumula sa bulsa ng taong bayan.*

Idinagdag pa ng mga Sakdalista na ipinagwalang-bahala lamang ni Quezon ang mga negosyante ng niyog ng Tayabas at iba pang lalawigan. Hindi siya gumawa ng kaparaanan upang iligtas ang industriya ng niyog sa bansa ng isabatas ng Kongreso ang pagpapataw ng anim na sentimong buwis bawat libra ng langis ng niyog na pumapasok sa Estados Unidos. Idineklara nila na ito ay nagresulta sa biglaang pagbagsak ng presyo ng kopra.

Maluwalhating nakapasok ang dalawang representante ng Sakdalista sa lalawigan ng Laguna na ikinatagumpay ng Partido. Nagwagi rin ang mga kandidato nito para pangulong munisipal sa limang bayan, tulad ng Nagcarlan.[42]

Mga beteranong pulitikong itinuturing ang mga kalaban ni Almazan, ang nagwaging kandidato sa Kongreso ng Partido Sakdalista. Pinuri siya sa pagkakapanalo sa nasabing

posisyon na gumasta lamang ng P100 sa kaniyang pampulitikang maniobra. Hindi siya gumamit ng mga mapalamuting karatula, mga mananalumpati, sasakyan, alalay, at mga Sakdalistang inspektor o tagabantay.

Ipinanganak siya sa bayan ng Los Baños, 36 na taong gulang at nagmula sa iginagalang na pamilya. Nagtapos siya sa Kolehiyo ng Abogasya ng Pamantasan ng Kanlurang California sa Los Angeles. Pinangarap niyang pagsilbihan ang bansa, katulad rin ng mga pangarap ng ibang nagtapos sa pamantasan sa Estados Unidos. Umasa siya na mabibigyang katuparan ang pangarap na ito sa pamamagitan ng pagtatagumpay sa botohan. Isa rin siyang mananalumpati na maaaring itapat sa mga mahuhusay na mananalumpati sa bansa. Ang kaniyang tanging pilosopiya sa buhay ay ang magsilbi sa mahihirap sa pamamagitan ng pagsasaayos ng pamumuhay ng mga ito at ang pag-angat ng pambansang pagkakakilanlan.[43]

Sa Nagcarlan, ang sampung kasaping bumubuo ng Konsehong Munisipal, gayundin ang pangulo at pangalawang-pangulo ay pawang mga miyembro ng Partido Sakdalista. Nakatapos sa mababang grado ang dalawa sa kanila, samantalang ang iba naman ay walang pormal na edukasyon na mas mababa pa sa primaryang antas. At ang naluklok na presidente na si Nemesio Esmilla, ang nanungkulan bilang pinunong tagapagpaganap ng lalawigan sa tatlong sumunod na termino. Hindi siya nakakapagsalita ng Ingles o kaya'y Kastila ngunit itinuturing na pinakaaktibong pangulo na nakapagsilbi sa nasabing bayan.[44]

Lalong nakilala ang Kilusang Sakdal o Partido Sakdalista dahil sa mga natamong tagumpay sa nagdaang eleksyon. Naging abala ang mga pahayagan sa pagsusuri nito at kung sino ang dapat bigyang kredito sa nakamtang tagumpay na ito.

Naramdaman ng maraming manunuri na ang pagwawagi ng mga Sakdalista sa mga lugar kung saan matatagpuan ang negosyo ng niyog ay sanhi ng kapabayaan ng gobyerno sa industriyang ito na nagdulot ng pang-ekonomiyang pagbagsak sa nasabing lugar. Sa kabilang dako, nangako naman ng tulong ang Partido Sakdalista sa pamamagitan

ng pagbabawas ng binabayarang buwis, ang pagpapabuti sa uri ng pamumuhay ng taong bayan at paglalatag ng isang programang reporma.[45] (Maaaring ang propagandang ito na hindi napasubalian ng Pamahalaan ang naging susi sa tagumpay ng Sakdal. Gayundin, ilan ang naniniwala na hindi nabigyan ng tamang pagtaya ng mga kalaban ang tunay na lakas ng mga Sakdalista.)[46]

Mayroong mangilan-ngilan na may pagtataya na ang tagumpay na natamo ng Sakdalista ay panandalian lamang. Inakusahan ang mga Sakdalista na ginamit nitong epektibong behikulo ang paghihirap ng sambayanan. Gayunpaman, nababanaag din daw ng taong bayan na ang mga pangako ng Sakdalista ay malabong maisakatuparan at walang katiyakang magagawa.

Sa kabilang dako, inihambing naman ni Juan Sumulong ang Partido Sakdalista sa Partido Komunista. Naramdaman niya na ang una ay nagkaroon ng bentahe dahil natugunan nito ang pagnanais o kahilingan ng maraming sektor ng lipunan. Ito ay ang plataporming nagsasanib ng panawagang tapusin ang pagmamalabis at walang kapararakang paglulustay ng mga tao sa gobyerno, gayundin ang paggupo sa buwis. Kaaya-aya ang haplos nito sa pandinig ng mayoridad na mamamayan. Dagdag pa rito, natalakay rin ng Partido Sakdalista ang mga usaping tulad ng nasyonalismong pangkabuhayan at pagsasariling ekonomiko na matinding nakaakit sa masang madla at mga intelektuwal.

Ang tagumpay na nakamit ng Partido Sakdalista sa naganap na eleksiyon ay maaaring isang indikasyon na ang pambansang pulitikang lakarin ay nagkaroon ng magandang simula, kung saan higit na isinaalang-alang ang ikabubuti ng mga maliliit.

Isang bagay ang natiyak. Pinatunayan ng Kilusang Sakdal o Partido Sakdalista na ang samahang ito ay isang natatanging puwersang pampulitika ng panahong yaon.

## Tala

1. Regarding these incidents, see the *Tribune* issues for January 24-31, and February 4,12 and 16 in 1930, as well as the *New York Herald*, March 17, 1930.

2. Letter dated January 23, 1936, E21, Personal Name Information, Group Record [GR hereafter] 350, Bureau of Insular Affairs [BIA hereafter], the US National Archives, Washington D.C.

3. "Huwag Tayong Padala sa Katsang ng mga Dambuhala, "*Sakdal*, August 30, 1930. This was also mentioned during interviews with former Sakdalistas, such as Jeremias Adia (in his home in Cabuyao, Laguna), and Arsenio Batitis (in his home in Sta. Rosa, Laguna). For the interview schedules, see the Bibliography.

4. "Ang buhay ni Gng. Libaria de Castro ni Ramos; Pambihira sa Kasaysayan ng Babaing Pilipina," *Sakdal*, June 5, 1937.

5. The date is confirmed in 2 separate *Sakdal* editorials on the Movements' establishment: "Sariling Diwa: Ang Ikalawang Taon Namin," June 25, 1932; and sariling Diwa: Sa Ikawalong Taon ng Pagbubuklod," June 26, 1937.

6 Letter dated March 28, 1930, GR 350, BIA.

7. Gregorio F. Zaide speculates that Ramos took the name "Sakdal" from the French phrase "J' Acense (Accuse), which must have reference to a works of Emile Zola. See Zaide, *The Pageant of Philippine History* (Manila: Philippine Educational Co., 1979), p. 407. For more on Ramos' decision to adopt "Sakdal" as the movements' name, see Yasataro Mori, "Hito Daitoryoro Nikon Homon wa Nani o Imisuruku" [What Does the Philippine President's Visit to Japan Signify]. *Kokusui Pamburetto*. August 11, 1938, p. 21. Regarding Illustrisim, see Vicente Marasigan, *A Banabaw Guru* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985) p. 72.

8. See *Sakdal* issues for April 4 and November 7, 1931.

9 interview with Ramos-Uyboco

10. Ramos, "Umagap Kayo sa Aming Despatso Tuwing Sabado ng Umaga," *Sakdal*, September 13, 1930.

11. Adia claimed that there was at least one copy of the *Sakdal* in every barrio in the provinces surrounding Manila.

Interview with Adia. The conservative estimate of Walter Robb, an American journalist of the time, was 300,000. See Robb, "Sakdals" *American Chamber of Commerce Journal* 15 (May 1935): 10-11.

12. "Ikinagalak ni Hen. Ricarte and Kampanya Nitong Sakdal." *Sakdal*, November 8, 1930.

13. *Sakdal*, October 18, 1930. In October 1930, Ramos reported that he had received invitations from all over the country, including Navotas, Malabon, Baliwag, Meycauayan, Atimonan, Lucena, Batangas, Cebu, Iloilo, Pampanga, Tarlac, Pangasinan, Bikol, and Ilocos. The request from iloilo was accompanied by money from his transportation.

14. *Sakdal*, December 13, 1930. The editorial in this issue declared that "We need men like Rizal today, who offered his life and who did not seek wealth, comfort but endured hardship. [Translation from the original Tagalog.]

15. See the following issues, all in 1931: Independent, January 17 and 24; *New York Times*, January 18 and 16, 1931; *Washington daily News*, January 12, *Philippine Magazine*, February; *Literary Digest*, January 24; and Express (San Antonio, Texas), January 19.

16. "Di Sukal Masabi," *Sakdal*, January 17, 1931.

17. "Patakasan" [in editorial box], *Sakdal*, Now 1931.

18. "Sampung Libong Piso ay Hanggahan ng Abuluyan para kay Hen. A. Ricarte," *Sakdal*, August 1, 1931.

19. *Tribune*, December 9, 1931.

20. Information on the Union Civica Filipina came from *Sakdal*, November 21, 1931. The meeting was failured in the *Sakdal* issues for November 28, and December 5, 12, and 26, 1931.

21. "Walang Kaparis na Tagumpay ang sa Miting ng Patutuus," *Sakdal*, November 28, 1931.

22. See the *Sakdal* issues for July 22 and December 5, both in 1931, for the campaigns on civil disobedience and the boycott, respectively.

23. Department of Labor, "Fact Finding Survey Report," pp. 90-117.

24. *Tribune*, December 11, 1931; *Sunday Tribune Magazine*, December 13, 1931; *La Opinion*, December 11, 1931; and Philippine Harald, December 10, 1931.
25. "Report Regarding the Sakdalista Party Prepared by the Chief of Staff, Philippine, for the Secretary of the interior," May 7, 1935, HP.
26. "Sakdal is not an Imported Paper," *Salad*, January 20, 1932. The Mailing right was restored by the end of March. See Sturtevant, *Popular Uprisings in the Philippines*, p. 220: and G. Francisco, Chief and Staff, Philippine Constabulary, May 7, 1935, H.P.
27. "Sariling Diwa: Ang ikalawang Taon Namin," *Sakdal*, June 25, 1932.
28. "Ang Kusang Ambagan sa Sariling Limbagan, *Sakdal*, May 21, 1932.
29. 3"Pilipinas ng Pilipino at Di Pilipinas ng Dayuhan ang Ibig Namin", *Sakdal*, November 26, 1932.
30. "Mga Balita sa Kilusan," Ibid.
31. This meeting was described in the *Sakdal*, December 7, 1932.
32. "Sa lahat ng Maka-Sakdal," *Sakdal*, November 19, 1932.
33. Underscoring mine. The meeting took place on February 12 at the Sakdal Headquarters. No details as to how many and who attended were given. See Abulugan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api," *Sakdal*, March 4, 1933.
34. Ibid.
35. Information on Espanola comes from "Benigno Ramos' Understudy," *Philippine Free Press*, April 18, 1936.
36. "This publication speaks for No Political Party," *Sakdal*; July 15, 1933.
37. Hagase, "Ganap to ni Kansuro Kenkyur."
38. See Appendix A
39. *Sakdal* issues for November 19, 1933 and January 27, 1934.
40. *Sakdal*; issues for January 6, March 3 and May 26, 1934.
41. *Sakdal* May 26, 1934.

42. The victory of the representative was reported in the *Tribune*, June 7, 1934, while the last of the municipal presidents elected appeared in the same paper on June 17, 1934.


43. *Tribune*, July 11, 1934.

44. *Tribune*, June 19, 1934.

45. *Tribune*, June 7, 1934; and *Sunday Tribune*, June 10, 1934.

46. *Tribune*, June 15, 1934.

• • •



Sagisag ng Samahang Makabayan ng mga Babaing Pilipina